

MAHALAGANG PAALALA!

Magtatapos na ang Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh!

Ano ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh?

Ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh ay pansamantalang pagtaas sa mga regular na halaga ng benepisyong ng CalFresh. Sa panahon ng pandemyang COVID-19, pinahintulutan ng Kongreso ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan upang makatulong na matugunan ang mga pangangailangan sa pagkain. Nangangahulugan ito na mula noong Marso 2020, ang mga sambahayan ay nakatanggap ng pagtaas ng hindi bababa sa \$95 sa mga benepisyong ng CalFresh bawat buwan.

Ano ang pagbabago?

Ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh ay magtatapos sa buwan ng Pebrero 2023. Ang Pang-emerhensiyang Paglalaan ay huling ibibigay sa Marso 2023.

Bakit magbabago?

Ang mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh ay magtatapos dahil tinapos ng Consolidated Appropriations Act ng 2023 ang pagpapalabas ng mga Pang-emerhensiyang Paglalaan ng CalFresh sa mga sambahayan bilang tugon sa pandemyang COVID-19.

Ano ang susunod na mangyayari?

Makakakuha ka ng mas kaunting CalFresh simula Abril 2023. Bagaman hindi magbabago ang regular na benepisyong ng CalFresh na kwalipikado ka, hindi ka na makakatanggap ng karagdagang benepisyong ng CalFresh na nakukuha mo dahil sa pagtatapos ng mga Pang-emerhensiyang Paglalaan. Ang regular na benepisyong ng CalFresh na nakukuha mo ay ang halaga ng CalFresh na inilagay sa iyong EBT card sa pagitan ng ika-1 at ika-10 ng bawat buwan. Ang halaga ng iyong benepisyong ay batay sa iyong kalagayan, kabilang ang bilang ng tao, kita, at gastos ng iyong sambahayan. Dahil ito ay isang kinakailangang pagbabago, walang karapatan sa palilitis na may kaugnayan sa pagkawala ng mga benepisyong ng Pang-emerhensiyang Paglalaan. Walang karagdagang pagkilos ang kinakailangan.

Meron bang mga karagdagang mapagkukunan ng tulong?

Makakakuha ka ng libreng pagkain mula sa iyong lokal na food bank. Bisitahin ang www.cafoodbanks.org/find-food/, i-scan ang QR code, o i-dial ang 2-1-1 upang makahanap ng food bank sa iyong lugar.

